# DV-300-INFO T Paano Ako Hihiling na Baguhin o Wakasan ang Kautusan ng Pagpigil Dahil sa Karahasan sa Tahanan?

## Sino ang makakagawa ng kahilingan?

Ang protektadong tao o pinipigil na tao ay makakahiling sa hukom na baguhin o wakasan ang kautusan ng pagpigil. Ang ibang taong protektado ng kautusan ng pagpigil (nakalista sa form DV-130, item 3, o JV-255, item 3) ay hindi makakahiling na baguhin o wakasan ang kautusan.

## Paano ako hihiling na baguhin o wakasan ang kautusan ng pagpigil dahil sa karahasan sa tahanan?

Kakailanganin mong kumpletuhin ang mga papeles ng hukuman at ihain ang mga ito sa hukuman. Pagkatapos mong ihain ang iyong mga papeles sa hukuman, makakakuha ka ng petsa sa hukuman at masisilbihan ang kabilang panig. kailangan mong dumalo sa petsa ng pagdinig para makapagpasya ang hukom kung igagawad ang iyong kahilingan. Tingnan sa pahina 3 para sa mga bai-baitang na instruksyon.

## Paano kung gusto kong panibaguhin ang aking kautusan ng pagpigil?

Kung ikaw ang protektadong tao, maaari mong hilingin sa hukuman na panibaguhin ang iyong kautusan ng pagbabawal na makipag-ugnayan. Kailangan mong gawin ang iyong kahilingan bago mawalan ng bisa ang iyong kautusan ng pagpigil. Para sa impormasyon sa kung paano panibaguhin ang iyong kautusan ng pagpigil, basahin ang form DV-700-INFO, *Paano ko Hihilingin sa Hukuman na Panibaguhin ang Aking Kautusan ng Pagpigil?*

## Paano kung nawalan na ng bisa ang aking kautusan ng pagpigil?

Kung ang Kautusan ng Pagpigil Pagkatapos ng Pagdinig (form DV-130, DV-730, o JV-255) ay nawalan ng bisa, huwag sundin ang mga hakbang sa pahina 3.

- Kung kailangan mo ng isa pang kautusan ng pagdinig, kakailanganin mong gumawa ng panibagong kahilingan. Basahin ang form DV-505-INFO, *Paano Humiling ng Kautusan ng Pagpigil Dahil sa Karahasan sa Tahanan.*
- Kung kasama sa kautusan ng pagpigil ang mga utos sa kustodiya sa bata, pagbisita (oras ng pagiging magulang), sustento sa anak, sustento sa asawa, sustento sa domestikong kapartner, o mga utos sa ari-arian, ang mga kautusang ito ay mananatiling may bisa at maaaring mabago ng hukom. Para sa higit pang impormasyon o kung paano humiling ng pagbabago ng mga kautusang ito, basahin ang form FL-300-INFO, *Impormasyon sa Paghiling ng Kautusan.*

## Mayroon bang singil ng hukuman?

Wala. Walang singil ng hukuman.

## Paano ko wawakasan o babaguhin ang pansamantalang kautusan ng pagpigil?

Kung mayroon kang pansamantalang kautusan ng pagpigil (form DV-110 o DV-116) at gusto mong baguhin o wakasan ang utos, maaaring makatulong sa iyo ang isang abogado o sentro ng pansariling-tulong ng hukuman. Huwag gamitin ang prosesong ito para baguhin o wakasan ang isang pansamantalang kautusan ng pagpigil.

## Paano kong gusto kong baguhin o wakasan ang kautusan ng pagpigil para sa kabataan?

Kung mayroon kang kautusan ng pagpigil na nakabatay sa karahasan sa tahanan na iginawad ng hukuman para sa pagiging depende ng kabataan (form JV-255), at isinara ang kaso sa kabataan (naipawalang-saysay), sundin ang mga hakbang sa pahina 3 upang hilingin na baguhin o wakasan ang kautusan ng pagpigil para sa kabataan.

- Kung bukas pa rin ang iyong kaso sa kabataan, makipag-usap sa iyong abogado tungkol sa kung paano babaguhin o wawakasan ang kautusan ng pagpigil.
- Kung mayroon kang kautusan ng pagpigil para sa kabataan na iginawad sa isang kaso sa hustisya para sa kabataan (pagkadelingkwente) (form JV-265), itanong sa iyong abogado o sa taga-usig ang tungkol sa kung paano babaguhin o wawakasan ang kautusan ng pagpigil.

## Paano kung gusto kong igawad ng hukom ang utos na hindi naisama sa Kautusan ng Pagpigil Pagkatapos ng Pagdinig?

Maaaring igawad ng hukom ang utos kung kailangan ito para sa higit pang proteksyon. Sundin ang mga hakbang sa pahina 3 para gumawa ng kahilingan. Kakailanganin mong ilarawan ang mga utos na gusto mo at ipaliwanag kung bakit kailangan ang mga ito.

## Kailan mababago o mawawakasan ang aking kautusan ng pagpigil?

Tanging ang hukuman lamang ang may kapangyarihan na baguhin o wakasan ang kautusan ng pagpigil. Ang kautusan ng pagpigil ay mananatiling may bisa at dapat sundin hanggang sa baguhin o wakasan ng hukom ang kautusan.

## Anong mga utos ang maaari kong hilingin na baguhin o wakasan?

Maaari mong hilingin na igawad ang pagbabago o pagwawakas ng anumang utos sa isang Kautusan ng Pagpigil Pagkatapos ng Pagdinig, maliban sa mga utos na nauugnay sa mga armas, ammunition, o body armor. Hindi maaaring alisin ng hukom ang paghihigpit sa pagkakaroon ng mga armas, ammunition, o body armor. Kung kailangan mong magdala ng armas para sa iyong trabaho, maaari kang gawaran ng hukom ng limitadong eksepsyon ngunit mayroong mahigpit na kinakailangan. Magtanong sa isang abogado o sa sentro ng pagtulong-sa-sarili ng iyong hukuman para sa higit pang impormasyon.

## Paano kung gusto ko ng pagbabago sa mga utos sa kustodiya sa bata?

- Kung ang mga utos sa kustodiya sa bata ay ginawa sa pamamagitan ng kautusan ng pagpigil, maaari mong gamitin ang prosesong ito para baguhin ang mga utos na ito. Sundin ang mga hakbang sa pahina 3.
- Kung ang mga utos sa kustodiya o pagbisita ay ginawa sa isang hiwalay na kaso sa ilalim ng batas sa pamilya, huwag sundin ang mga hakbang sa pahina 3 ng form na ito; basahin ang form FL-300-INFO, *Impormasyon para sa Kahilingan para sa Kautusan*.

Tandaan na nalalapat ang espesyal na batas sa mga utos sa kustodiya sa bata kapag nagkaroon ng karahasan sa tahanan. Para sa higit pang impormasyon, pumunta sa www.selfhelp.courts.ca.gov/domestic-violence-child-custody.

## Kung hihiling ako na wakasan ang kautusan ng pagpigil, ano ang mangyayari sa mga utos sa kustodiya sa bata, pagbisita, sustento, o mga utos sa ari-arian?

Kung winakasan ng hukom ang kautusan ng pagpigil, ang anumang mga utos sa kustodiya sa bata, pagbisita (oras ng pagiging magulang), sustento sa anak, sustento sa asawa, sustento sa domestikong kapartner, o mga utos sa ari-arian ay mananatiliing may bisa, maliban kung babaguhin o wawakasan din ng hukom ang mga utos na iyon.

## Saan ako makakahanap ng isang sentro ng pagtulong-sa-sarili?

Mayroong libreng ligal na tulong sa sentro ng pagtulong-sa-sarili ng iyong hukuman. Hanapin ang lokal na sentro ng pagtulong-sa-sarili ng iyong hukuman sa www.selfhelp.courts.ca.gov/find. Ang mga kawani sa sentro ng pagtulong-sa-sarili ay hindi kikilos bilang iyong abogado ngunit maaaring makapagbigay sa iyo ng impormasyon upang tulungan kang magpasya kung ano ang gagawin sa iyong kaso, at tulungan ka sa mga form. Maaari ka ring isangguni ng kawani sa iba pang mga ahensya na maaaring makatulong sa iyo.

## Paano kung kailangan ko ng tagasalin ng wika (interpreter)?

Maaari mong gamitin ang form INT-300 para humiling ng tagasalin ng wika o tanungin sa klerk kung paano makakahiling ng isa.

## Paano kung mayroon akong kapansanan at nangangailangan ng akomodasyon?

Maaari mong gamitin ang form MC-410 para humingi ng tulong. Makipag-ugnayan sa tagapag-ugnay para sa kapansanan/ADA sa iyong lokal na hukuman para sa higit pang impormasyon.

## Saan ako makakahanap ng iba pang tulong?

Ang Pambansang Hotline sa Karahasan sa Tahanan (National Domestic Violence Hotline) ay nagbibigay ng mga libre at pribadong payo sa kaligtasan. Mayroong tulong araw-araw, 24 na oras kada araw, at sa mahigit na 100 wika. Bumisita sa online sa www.thehotline.org o tumawag sa 1-800-799-7233 o 1-800-787-3224 (TTY).

## Programa ng Kumpidensyal na Address

Kung ikaw ay biktima ng karahasan sa tahanan o naninirahan na kasama ang biktima ng karahasan sa tahanan, mayroong espesyal na programang tinatawag na Ligtas sa Tahanan (Safe at Home) na maaaplayan mo. Libreng programa ito na makakatulong sa iyong mapanatiling pribado ang iyong address. Upang matutunan pa ang tungkol sa programa, pumunta sa www.sos.ca.gov/registries/safe-home.
Tandaan na maaaring abutin ng ilang linggo para ito ay maaprubahan.

## Mga hakbang para gumawa ng kahilingan

① **Kumpletuhin ang mga form ng hukuman:**

- Form DV-300, *Kahilingan para Baguhin o Wakasan ang Kautusan ng Pagpigil*; at
- Form DV-310, *Paunawa ng Pagdinig sa Hukuman at Pansamantalang Kautusan para Baguhin o Wakasan ang Kautusan ng Pagpigil* (mga item 1 at 2 lamang).
- Kung humihiling ka na baguhin ang mga kautusan sa kustodiya at pagbisita sa bata, kailangan mong kumpletuhin ang form DV-305, *Kahilingan para Baguhin ang mga Kautusan sa Kustodiya at Pagbisita sa Bata.*

② **Ihain ang mga form sa hukuman.**

Ihain ang lahat ng form sa klerk ng hukuman. Siguraduhing isama sa form DV-300 ang kopya ng iyong kasalukuyang Kautusan ng Pagpigil Pagkatapos ng Pagdinig. Maaari kang mag-file sa personal o sa elektronikong paraan. Para sa impormasyon sa kung paano o saan maghahain, pumunta sa website ng hukuman. Upang mahanap ang website ng hukuman, pumunta sa www.selfhelp.courts.ca.gov/find.

③ **Bawiin ang iyong mga papeles mula sa hukuman.**

Sa oras na mabawi mo ang iyong mga papeles mula sa hukuman, magkakaroon ka ng petsa ng pagdinig (tingnan ang form DV-310). Kung humiling ka ng anumang pansamantalang kautusan, tingnan ang form DV 310 para makita kung iginawad o tinanggihan ng hukom ang kahilingang iyon. Siguraduhin na nakakuha ka ng hindi bababa sa dalawang kopya: isa para sa iyo at isa na ipapasilbi sa kabilang panig. Kung inihain mo ang iyong mga papeles sa elektronikong paraan, ibabalik sa iyo ng hukuman ang mga papeles sa elektronikong paraan, maliban kung humiling ka na kunin ito nang personal o matanggap ito sa pamamagitan ng koreo.

④ **Silbihan ang kabilang panig ng mga papeles**

- **Kung ikaw ang pinagbabawalang tao**, kailangan mong personal na pasilbihan ang protektadong tao. Ito ay nangangahulugan na kailangan mong personal na ipabigay sa isang nasa hustong gulang ang kopya ng lahat ng papeles ng hukuman (nakalista sa form DV-310, item 4c) sa protektadong tao. Ito ay hindi maaaring ikaw o ang sinumang nakalista sa kautusan ng pagpigil. Pagkatapos, ang iyong tagasilbi ay kailangang kumpletuhin ang katibayan ng pagsisilbi (form DV-200). Gumawa ng kopya ng nakumpletong form DV-200 at ihain ito sa hukuman. Kung hindi mo maipapasilbi ito nang personal sa protektadong tao, makipag-ugnayan sa isang abogado o sentro ng pagtulong-sa-sarili para sa iba pang mga opsyon.
- **Kung ikaw ang protektadong tao**, makakapagsilbi ka sa pinipigilang tao sa pamamagitan ng koreo. Ito ay nangangahulugan na kailangan mong ipabigay sa isang nasa hustong gulang ang kopya ng lahat ng papeles ng hukuman sa pamamagitan ng koreo (nakalista sa form DV-310, item 4c) sa pinipigilang tao. Ito ay hindi maaaring ikaw o ang sinumang nakalista sa kautusan ng pagpigil. Pagkatapos, ang iyong tagasilbi ay kailangang kumpletuhin ang katibayan ng pagsisilbi (form DV-250). Gumawa ng kopya ng nakumpletong form DV-250 at ihain ito sa hukuman.

Kung hindi mo ito maisisilbi sa kabilang panig bago ang iyong pagdinig sa hukuman, kakailanganin mong hilingin sa hukom na muling iiskedyul ang iyong pagdinig sa hukuman. Punan at ihain ang mga form DV-315 at DV-316. Rerepasuhin ng hukom ang iyong kahilingan at pagpapasyahan kung muling iiskedyul ang iyong pagdinig sa hukuman. Kung hindi mo natanggap ang nilagdaang kopya ng form DV-316 mula sa hukom bago ang iyong petsa ng pagdinig o tinanggihan ng hukom ang iyong kahilingan na muling iiskedyul ang iyong pagdinig, *kailangan* mong daluhan ang petsa ng pagdinig (na nakalista sa form DV-310 o DV-316) kung gusto mo pa ring magpatuloy sa iyong kahilingan.

⑤ **Maghanda at dumalo sa iyong pagdinig sa hukuman**

Sa iyong pagdinig sa hukuman, magpapasya ang hukom kung igagawad ang iyong kahilingan para baguhin o wakasan ang kautusan ng pagpigil. Sa pagdinig, ikaw at ang kabilang panig ay magkakaroon ng pagkakataong sabihin ang iyong panig ng kuwento. Magdala ng anumang ebidensya o mga saksi na mayroon ka. Kung hindi mo gustong dumalo sa iyong pagdinig sa hukuman nang personal, pumunta sa website ng hukuman upang malaman ang higit pang impormasyon tungkol sa pagdalo sa pamamagitan ng telepono o videoconference.



Para sa inyong proteksyon at pagkapribado, mangyaring pindutin ang I-clear itong form na buton matapos niyong iprinta ang form.

I-printa itong form | I-save itong form | I-clear itong form